

Asia Pacific Cultural Heritage Development Inc.

25 January 2023 Pangil, Laguna

Message of Dir. Bernadette San Juan

Magandang araw po sa ating lahat!

Kaisa po ang National Organic Agriculture Program o NOAP sa makabuluhang kaganapang ito na inorganisa ng Asia Pacific Heritage Development Incorporated kasama ang iba't iba nitong kasapian na binubuo ng mga magigiting at masisipag nating magsasaka, mangingisda, kasama rin ang mga environmentalists at bird watchers. Binabati ko rin po ang Munisipalidad ng Pangil Laguna sa pakikipagtulungan upang masakatuparan ang pagtitipon na ito.

Kaugnay ng inyong tema, hangad din ng aming Programa ang pambansang kaunlaran para sa "Food Profitability, Availability, and Security Beyond Diversity This 2023".

Ngayong taon, sa kabila ng mga di inaasahang hadlang sa ating pag-unlad, at sa mga dagok na kinakaharap natin bilang iisang bansa, patuloy tayong bumangon, nagkaka-isa, at gumagawa ng mga aksyon tulad ng pagtitipon na ito na may saysay upang mabigyang diin ang mga kinakailangang gawin at mapagplanuhan ang mga hakbang upang hindi na maudlot at maging tuloy tuloy ang pag-unlad ng bawat industriya sa ating bansa lalo na ang agrikultura. Sa katunayan, ang organikong agrikultura ay patuloy na umuusbong sa bansa at mas dumadami ang tumatangkilik dahil sa ating pagkakaisa sa kabila ng ating pagkakaiba.

Muli, binabati ko kayong lahat lalo na ang mga indibidwal sa likod ng pagtitipon na ito! Marami pong salamat at pagpalain kayo ng Poong Maykapal. Mabuhay po kayong lahat!